

Wellcare CalViva Health Dual Align, HMO D-SNP

Wellcare Dual Align, HMO D-SNP

2025 *Listahan ng mga Saklaw na Gamot (Listahan ng Gamot o Pormularyo)*

.....

04



PAKIBASA: NAGLALAMAN ANG DOKUMENTONG ITO NG IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA GAMOT NA SINASAKLAW NAMIN SA PLANONG ITO

HPMS Approved Formulary File Submission ID 25040, Version Number 15

Na-update ang pormularyong ito noong 07/01/2025.

Para sa mas kamakailang impormasyon o iba pang tanong, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa **1-800-431-9007** o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa **1-833-236-2366**, para sa mga gumagamit ng TTY, **711**, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes–Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes–Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m., o bisitahin ang **www.wellcare.com/healthnetCA**.



By  **health net**



By  **health net**

In Partnership with  **CalViva**
HEALTH

H3561_WCM_151970T_C Internal Approved 08212024 Final 04 TAG

NA5WCMFOR59777T_CV04_JUL25

07/01/2025 ©Wellcare 2024

Panimula

Ang dokumentong ito ay tinatawag na *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* (tinatawag ding *Listahan ng Gamot*). Sinasabi nito sa inyo kung aling mga iniresetang gamot ang sinasakop ng aming plano. Ipinapaalam din sa inyo ng *Listahan ng Gamot* kung mayroong anumang espesyal na panuntunan o paghihigpit sa alinmang gamot na sinasaklaw ng aming plano. Ang mga pangunahing termino at kahulugan ng mga ito ay ipinapakita sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.



07/01/2025

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

Talaan ng Mga Nilalaman

A. Mga Disclaimer	3
B. Mga Madalas Itanong (FAQ)	11
B1. Anong mga inireresetang gamot ang kasama sa <i>Listahan ng mga Saklaw na Gamot?</i> (Tinatawag naming “ <i>Listahan ng Gamot</i> ” ang <i>Listahan ng mga Saklaw na Gamot</i> para mas maikli.)	11
B2. Nagbabago ba ang <i>Listahan ng Gamot</i> ?	12
B3. Ano ang mangyayari kung magkakaroon ng pagbabago sa <i>Listahan ng Gamot</i> ?	13
B4. Mayroon bang anumang mga paghihigpit o limitasyon sa saklaw sa gamot, o anumang kinakailangang pagkilos na dapat gawin upang makakuha ng ilang partikular na gamot?	15
B5. Paano ko malalaman kung may mga limitasyon ang gamot na gusto ko o kung may mga kinakailangang pagkilos na dapat gawin upang makuha ang gamot?	15
B6. Ano ang mangyayari kung magbago ang mga panuntunan ng aming plano sa kung paano nila sinasaklaw ang ilang gamot (halimbawa, paunang awtorisasyon, mga limitasyon sa dami, at/o mga paghihigpit sa step therapy)?	16
B7. Paano ako hahanap ng gamot sa <i>Listahan ng Gamot</i> ?	16
B8. Paano kung wala sa <i>Listahan ng Gamot</i> ang gamot na gusto kong gamitin?	16
B9. Paano kung isa akong bagong miyembro ng plano at hindi ko mahanap ang aking gamot sa <i>Listahan ng Gamot</i> o nagkakaproblema ako sa pagkuha ng aking gamot?	17
B10. Maaari ba akong humiling ng eksepsiyon para saklawin ang aking gamot?	18
B11. Paano ako makakahiling ng eksepsiyon?	18
B12. Gaano katagal ang inaabot bago makakuha ng eksepsiyon?	18
B13. Ano ang mga generic na gamot?	18
B14. Ano ang mga orihinal na biological na produkto at paano ito nauugnay sa mga biosimilar?	19
B15. Ano ang mga OTC na gamot?	19
B16. Sinasaklaw ba ng aming plano ang mga hindi gamot na OTC na produkto?	19
B17. Sinasaklaw ba ng aming plano ang mga pangmatagalang supply ng mga reseta?	20
B18. Puwede ba akong magpa-deliver ng mga reseta sa bahay ko mula sa aking lokal na parmasya?	20
B19. Ano ang aking copay?	20
C. Pangkalahatang-ideya ng <i>Listahan ng mga Saklaw na Gamot</i>	21
C1. Listahan ng mga Gamot ayon sa Medikal na Kundisyon	22
D. Index ng Mga Saklaw na Gamot	INDEX-1

A. Mga Disclaimer

Isa itong listahan ng mga gamot na maaaring makuha ng mga miyembro sa aming plano.

- ❖ Ang Wellcare ay ang Medicare brand para sa Centene Corporation, isang plano sa HMO na may kontrata sa Medicare at aprubadong Sponsor ng Bahagi D. Ang aming mga D-SNP na plano ay may kontrata sa programa ng Medi-Cal. Nakadepende sa pag-renew ng kontrata ang pagpapatala sa aming mga plano.
- ❖ Ang CalViva Health ay isang Medi-Cal Managed Care Plan (MCP) at ang Local Initiative Health Plan para sa pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal sa mga County ng Fresno, Kings, t Madera. Ang CalViva Health ay isang planong pangkalusugan na may kumpletong serbisyo at nakikipagkontrata sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) para makapagbigay ng Mga Saklaw na Serbisyo ng Medi-Cal sa mga enrollee ng pinamamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal sa ilalim ng modelong Dalawang Plano sa lahat ng zip code sa mga County ng Fresno, Kings, at Madera. Nakikipagkontrata ang CalViva Health sa Health Net Community Solutions, Inc. sa capitated na batayan at nakikipag-ayos ito para sa Mga Saklaw na Serbisyo ng Medi-Cal sa lahat ng zip code sa mga County ng Fresno, Kings, at Madera. Ang Health Net Community Solutions, Inc. ay isang subsidiary ng Health Net, LLC at Centene Corporation, at ito ang Kinontratang Administrator ng CalViva Health sa lahat ng zip code sa mga County ng Fresno, Kings, at Madera.
- ❖ Puwede niyong tingnan kahit kailan ang pinakabagong *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* ng aming plano online sa www.wellcare.com/healthnetCA o makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag na ito.
- ❖ Makukuha ninyo ang dokumentong ito nang libre sa iba pang mga format, gaya ng malaking print, braille, o audio. Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Call Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag.

Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa susunod na pahina.



07/01/2025

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

- ❖ ATTENTION: If you need help in your language, call 1-800-431-9007 (TTY 711) for Wellcare Dual Align or call 1-833-236-2366 (TTY 711) for Wellcare CalViva Health Dual Align. Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. Call 1-800-431-9007 (TTY 711) for Wellcare Dual Align or call 1-833-236-2366 (TTY 711) for Wellcare CalViva Health Dual Align. These services are free.

تنبيه: إذا كنت بحاجة إلى مساعدة بلغتك، فاتصل على الرقم 1-800-431-9007 (TTY 711) لـ Wellcare Dual Align أو اتصل على الرقم 1-833-236-2366 (TTY 711) لـ Wellcare CalViva Health Dual Align. تتوفر أيضًا مساعدات وخدمات للأشخاص ذوي الإعاقات مثل المستندات بطريقة برايل وبطباعة كبيرة. اتصل على الرقم 1-800-431-9007 (TTY 711) لـ Wellcare Dual Align أو اتصل على الرقم 1-833-236-2366 (TTY 711) لـ Wellcare CalViva Health Dual Align. هذه الخدمات مجانية.

ՌԻՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ. Եթե օգնության կարիք ունեք ձեր լեզվով, զանգահարեք 1-800-431- 9007 (TTY 711) Wellcare Dual Align պլանի հետ կապված հարցերի դեպքում, կամ զանգահարեք 1-833-236-2366 (TTY 711) Wellcare CalViva Health Dual Align պլանի հետ կապված հարցերի դեպքում: Հասանելի են նաև հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար նախատեսված օժանդակ միջոցներ և ծառայություններ, օրինակ՝ բրայլյան գրատեսակով և խոշոր տառաչափով փաստաթղթեր: Չանգահարեք 1-800-431-9007 (TTY 711) Wellcare Dual Align պլանի հետ կապված հարցերի դեպքում, կամ զանգահարեք 1-833-236-2366 (TTY 711) Wellcare CalViva Health Dual Align պլանի հետ կապված հարցերի դեպքում: Այս ծառայություններն անվճար են:

注意：如果您需要以您母語提供的協助，請致電 1-800-431-9007 (TTY 711) 聯絡 Wellcare Dual Align 或致電 1-833-236-2366 (TTY 711) 聯絡 Wellcare CalViva Health Dual Align。我們也為殘疾人士提供輔助和服務，例如點字和大字體印刷的文件。請致電 1-800-431-9007 (TTY 711) 聯絡 Wellcare Dual Align 或致電 1-833-236-2366 (TTY 711) 聯絡 Wellcare CalViva Health Dual Align。這些服務均為免費。

Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa sususnod na pahina.

注意：如果您需要以您的语言提供的帮助，有关 Wellcare Dual Align 请致电 1-800-431-9007 (TTY 711)，有关 Wellcare CalViva Health Dual Align，请致电 1-833-236-2366 (TTY 711)。此外，还为残疾人提供辅助和相关服务，如盲文文件和大字体文件。有关 Wellcare Dual Align 请致电 1-800-431-9007 (TTY 711)，有关 Wellcare CalViva Health Dual Align，请致电 1-833-236-2366 (TTY 711)。这些服务均免费提供。

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਦੀ ਜ਼ਰੂਰਤ ਹੈ, ਤਾਂ Wellcare Dual Align ਲਈ 1-800-431-9007 (TTY 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ ਜਾਂ Wellcare CalViva Health Dual Align ਲਈ 1-833-236-2366 (TTY 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਬਰੇਲ ਲਿਪੀ ਅਤੇ ਵੱਡੇ ਪ੍ਰਿੰਟ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼ਾਂ ਵਰਗੀਆਂ ਅਸਮਰੱਥਾ ਵਾਲੇ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। Wellcare Dual Align ਲਈ 1-800-431-9007 (TTY 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ ਜਾਂ Wellcare CalViva Health Dual Align ਲਈ 1-833-236-2366 (TTY 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਇਹ ਮੁਫਤ ਸੇਵਾਵਾਂ ਹਨ।

ध्यान दें: यदि आपको अपनी भाषा में मदद की ज़रूरत है, तो Wellcare Dual Align के लिए 1-800-431-9007 (TTY 711) पर कॉल करें या Wellcare CalViva Health Dual Align के लिए 1-833-236-2366 (TTY 711) पर कॉल करें. विकलांग लोगों के लिए ब्रेल और बड़े प्रिंट में दस्तावेज जैसी सहायताएं और सेवाएं भी उपलब्ध हैं. Wellcare Dual Align के लिए 1-800-431-9007 (TTY 711) पर कॉल करें या Wellcare CalViva Health Dual Align के लिए 1-833-236-2366 (TTY 711) पर कॉल करें. ये सेवाएं निःशुल्क हैं.

Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa sususnod na pahina.



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

THOV MUAB SIAB RAU: Yog tias koj xav tau kev pab ua koj hom lus, hu rau 1-800-431- 9007 (TTY 711) rau Wellcare Dual Align los sis hu rau 1-833-236-2366 (TTY 711) rau Wellcare CalViva Health Dual Align. Tsis tas i ntawd, peb tseem muaj cov neeg pab thiab cov kev pab cuam rau cov neeg uas muaj cov kev xiam oob qhab, xws li cov ntaub ntawv ua ntawv su rau neeg dig muag thiab ntawv luam loj. Hu rau 1-800-431-9007 (TTY 711) rau Wellcare Dual Align los sis hu rau 1-833-236-2366 (TTY 711) rau Wellcare CalViva Health Dual Align. Cov kev pab cuam no pab dawb xwb.

注意：言語のヘルプが必要な場合、Wellcare Dual Align は 1-800-431-9007（TTY 711）、Wellcare CalViva Health Dual Align は 1-833-236-2366（TTY 711）までお電話ください。障害をお持ちの方には、点字や大判プリントなどの補助機能やサービスもご利用になれます。Wellcare Dual Align は 1-800-431-9007（TTY 711）、Wellcare CalViva Health Dual Align は 1-833-236-2366（TTY 711）までお電話ください。これらのサービスは無料です。

주의: 귀하의 언어로 도움이 필요한 경우 Wellcare Dual Align의 경우 1-800-431-9007(TTY 711)번 또는 Wellcare Calva Health Dual Align의 경우 1-833-236-2366(TTY 711)번으로 전화해 주십시오. 점자 및 큰 활자 인쇄 형식으로 된 문서 등 장애인을 위한 도움 및 서비스도 제공됩니다. Wellcare Dual Align의 경우 1-800-431-9007(TTY 711)번 또는 Wellcare Calva Health Dual Align의 경우 1-833-236-2366(TTY 711)번으로 전화해 주십시오. 이러한 서비스는 무료입니다.

Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa sususnod na pahina.

ຂໍ້ຄວນເອົາໃຈໃສ່: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານ, ໂທໂທຫາ 1-800-431- 9007 (TTY 711) ສໍາລັບ Wellcare Dual Align ຫຼືໂທຫາ 1-833-236-2366 (TTY 711) ສໍາລັບ Wellcare CalViva Health Dual Align. ນອກຈາກນີ້ ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອສໍາລັບຜູ້ພິການ ເຊັ່ນ: ເອກະສານເປັນ ອັກສອນນູນ ແລະ ຕົວພິມໃຫຍ່ອີກດ້ວຍ. ໂທຫາ 1-800-431-9007 (TTY 711) ສໍາລັບ Wellcare Dual Align ຫຼືໂທຫາ 1-833-236-2366 (TTY 711) ສໍາລັບ Wellcare CalViva Health Dual Align. ບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ຟຣີ.

LIOUH EIX: Oix se nongc zuqc wac bong zouc, cingv mboqv 1-800-431- 9007 (TTY 711) mingh lorz Wellcare Dual Align, fai mboqv 1-833-236-2366 (TTY 711) mingh lorz Wellcare CalViva Health Dual Align. Hac haih weic waic fangx mienh zoux sic taengx qaqv, hnangv mangh wenh souh nzangc caux domh nzangc yenx benx nyei souh nzangc. Cingv mboqv 1-800-431-9007 (TTY 711) mingh lorz Wellcare Dual Align, fai mboqv 1-833-236-2366 (TTY 711) mingh lorz Wellcare CalViva Health Dual Align. Naiv deix bong taengx meih se mv siou zinh.

ចំណាំ៖ ប្រសិនបើអ្នកត្រូវការជំនួយជាភាសារបស់អ្នក សូមទូរសព្ទទៅលេខ 1-800-431- 9007 (TTY 711) សម្រាប់គម្រោង Wellcare Dual Align ឬទូរសព្ទទៅលេខ 1-833-236-2366 (TTY 711) សម្រាប់ Wellcare CalViva Health Dual Align។ ជំនួយនិងសេវាកម្មសម្រាប់ជនពិការ ដូចជាឯកសារជាអក្សរស្នាបសម្រាប់ជនពិការភ្នែក និងពុម្ពអក្សរធំ ក៏មានផងដែរ។ សូមទូរសព្ទទៅលេខ 1-800-431-9007 (TTY 711) សម្រាប់គម្រោង Wellcare Dual Align ឬទូរសព្ទទៅលេខ 1-833-236-2366 (TTY 711) សម្រាប់គម្រោង Wellcare CalViva Health Dual Align។ សេវាទាំងនេះមិនគិតថ្លៃនោះទេ។

Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa sususnod na pahina.



07/01/2025

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

توجه: اگر به زبان خودتان نیاز به راهنمایی دارید، برای Wellcare Dual Align با شماره 1-800-431-9007 (TTY 711) یا برای Wellcare CalViva Health Dual Align با شماره 1-833-236-2366 (TTY 711) تماس بگیرید. پشتیبانی و خدمات برای افراد دارای معلولیت، مانند اسناد با خط بریل و چاپ درشت، نیز موجود است. برای Wellcare Dual Align با شماره 1-800-431-9007 (TTY 711) یا برای Wellcare CalViva Health Dual Align با شماره 1-833-236-2366 (TTY 711) تماس بگیرید. این خدمات رایگان است.

ВНИМАНИЕ: если вам требуется помощь на родном языке, позвоните по номеру 1-800-431-9007 (TTY 711) для Wellcare Dual Align или по номеру 1-833-236-2366 (TTY 711) для Wellcare CalViva Health Dual Align. Также доступны сопутствующая помощь и услуги для людей с ограниченными возможностями, такие как материалы, напечатанные крупным шрифтом и шрифтом Брайля. Позвоните по номеру 1-800-431-9007 (TTY 711) для Wellcare Dual Align или по номеру 1-833-236-2366 (TTY 711) для Wellcare CalViva Health Dual Align. Эти услуги предоставляются бесплатно.

ATENCIÓN: Si necesita ayuda en su idioma llame al 1-800-431-9007 (TTY 711) para Wellcare Dual Align o al 1-833-236-2366 (TTY 711) para Wellcare CalViva Health Dual Align. También están disponibles ayudas y servicios para personas con discapacidades, como documentos en Braille y letra grande. Llame al 1-800-431-9007 (TTY 711) para Wellcare Dual Align o al 1-833-236-2366 (TTY 711) para Wellcare CalViva Health Dual Align. Estos servicios son gratuitos.

Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa sususnod na pahina.

ATENSYON: Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong wika, tumawag sa 1-800-431- 9007 (TTY 711) para sa Wellcare Dual Align o tumawag sa 1-833-236-2366 (TTY 711) para sa Wellcare CalViva Health Dual Align. Available din ang mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, gaya ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa 1-800-431-9007 (TTY 711) para sa Wellcare Dual Align o tumawag sa 1-833-236-2366 (TTY 711) para sa Wellcare CalViva Health Dual Align. Libre ang mga serbisyonang ito.

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ โปรด โทร 1-800-431-9007 (TTY 711) สำหรับบริการ Wellcare Dual Align หรือ โทร 1-833-236-2366 (TTY 711) สำหรับบริการ Wellcare CalViva Health Dual Align นอกจากนี้ ยังมีความช่วยเหลือและบริการสำหรับผู้พิการ เช่น เอกสารที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่ใช้ตัวอักษรขนาดใหญ่ โปรด โทร 1-800-431-9007 (TTY 711) สำหรับบริการ Wellcare Dual Align หรือโทร 1-833-236-2366 (TTY 711) สำหรับบริการ Wellcare CalViva Health Dual Align บริการเหล่านี้ไม่มีค่าใช้จ่าย

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога своєю мовою, зателефонуйте за номером 1-800-431-9007 (TTY 711) для Wellcare Dual Align або за номером 1-833-236-2366 (TTY 711) для Wellcare CalViva Health Dual Align. Також доступні засоби та послуги для людей з обмеженими можливостями, як-от документи шрифтом Брайля та великим шрифтом. Зателефонуйте за номером 1-800-431-9007 (TTY 711) для Wellcare Dual Align або за номером 1-833-236-2366 (TTY 711) для Wellcare CalViva Health Dual Align. Ці послуги безкоштовні.

Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa susunod na pahina.



07/01/2025

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, hãy gọi cho Wellcare Dual Align theo số 1-800-431-9007 (TTY 711) hoặc gọi cho Wellcare CalViva Health Dual Align theo số 1-833-236-2366 (TTY 711). Các hỗ trợ và dịch vụ dành cho người khuyết tật, chẳng hạn như tài liệu bằng chữ nổi và bản in cỡ chữ lớn cũng được cung cấp. Gọi cho Wellcare Dual Align theo số 1-800-431-9007 (TTY 711) hoặc gọi cho Wellcare CalViva Health Dual Align theo số 1-833-236-2366 (TTY 711). Các dịch vụ này miễn phí.

- ❖ Ang dokumentong ito ay available nang libre sa Arabic, Armenian, Cambodian, Chinese, Farsi, Korean, Russian, Spanish, Tagalog, at Vietnamese.
- ❖ Kung gusto ninyong humiling ng alternatibong format (malaking print, audio, mga accessible na electronic na format, iba pang format) o iba pang gustong wika, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag.
 - Kung gusto ninyong patuloy na makatanggap ng mga naka-print na materyal pagkatapos ninyong humiling nito, patuloy kaming magbibigay nito taon-taon hanggang sa makatanggap kami ng kahilingang ihinto ang kahilingan.
 - Kung mayroon kayong mga tanong/alalahanin o gusto ninyong i-update ang kahilingan ninyo sa gustong wika at/o format, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag.

B. Mga Madalas Itanong (FAQ)

Humanap ng mga sagot sa mga tanong na mayroon kayo tungkol sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* na ito. Maaari ninyong basahin ang lahat ng FAQ para matuto pa, o maaari kayong maghanap ng tanong at sagot.

B1. Anong mga inireresetang gamot ang kasama sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot*? (Tinatawag naming “*Listahan ng Gamot*” ang *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* para mas maikli.)

Ang mga gamot sa *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* na nagsisimula sa seksyon C1 ay mga gamot na sinasaklaw ng Wellcare CalViva Health Dual Align (HMO D-SNP) at Wellcare Dual Align (HMO D-SNP). Makukuha ang mga gamot sa mga parmasyang nasa aming network. Maituturing na nasa aming network ang isang parmasya kung mayroon kaming kasunduan sa kanila na makipagtulungan sa amin at bigyan kayo ng mga serbisyo. Ang mga parmasyang ito ay tinatawag naming “mga parmasyang nasa network.”

Ang ibang gamot, gaya ng ilang gamot na nabibili nang walang reseta (OTC) at ilang partikular na bitamina, ay maaaring saklawin ng Medi-Cal Rx. Mangyaring bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx (www.medi-calrx.dhcs.ca.gov) para sa karagdagang impormasyon. Maaari rin kayong tumawag sa Medi-Cal Rx Customer Service Center sa 800-977-2273. Dalhin ang inyong Medi-Cal Beneficiary Identification Card (BIC) kapag kumukuha ng mga reseta sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

- Sasaklawin ng aming plano ang lahat ng medikal na kinakailangang gamot sa *Listahan ng Gamot* kung:
 - sasabihin ng inyong doktor o iba pang tagapagreseta na kailangan ninyo ang mga ito para gumaling o manatiling malusog,
 - sumasang-ayon ang aming plano na medikal na kinakailangan ang gamot para sa inyo, **at**
 - kukunin ninyo ang reseta sa isang parmasyang nasa network ng plano.
- Kung minsan, may kailangan muna kayong gawin bago ninyo makuha ang isang gamot. Sumangguni sa tanong B4 para sa karagdagang impormasyon.

Makakakita rin kayo ng pinakabagong listahan ng mga gamot na sinasaklaw namin sa aming website sa www.wellcare.com/healthnetCA, o tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero sa footer ng dokumentong ito.



07/01/2025

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

B2. Nagbabago ba ang *Listahan ng Gamot*?

Oo, at dapat sundin ng aming plano ang mga panuntunan ng Medicare at Medi-Cal kapag gumagawa ito ng mga pagbabago. Maaari kaming magdagdag o mag-alis ng mga gamot sa *Listahan ng Gamot* sa pag-usad ng taon.

Maaari rin naming baguhin ang aming mga panuntunan tungkol sa mga gamot. Halimbawa, maaari naming:

- Magpasya kung iaatas o hindi iaatas na humingi ng paunang awtorisasyon para sa isang gamot. (Ang paunang awtorisasyon ay pahintulot mula sa aming plano bago kayo makakuha ng gamot.)
- Dagdagan o baguhin ang dami ng isang gamot na maaari ninyong kunin (tinatawag na mga limitasyon sa dami).
- Dagdagan o baguhin ang mga paghihigpit sa step therapy para sa isang gamot. (Ang ibig sabihin ng step therapy ay dapat ninyong subukan ang isang partikular na gamot bago namin sakupin ang ibang gamot.)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga panuntunan sa gamot na ito, sumangguni sa tanong B4.

Kung gumagamit kayo ng gamot na nasimulan nang saklawin sa **umpisa** ng taon, karaniwang hindi na namin aalisin o babaguhin ang saklaw sa gamot **na iyon sa loob ng natitirang bahagi ng taon** maliban na lang kung:

- magkaroon ng bagong mas murang gamot na gumagana nang kasinghusay ng gamot na kasalukuyan nang nasa *Listahan ng Gamot*, **o kaya**
- malaman naming hindi ligtas ang isang gamot, **o kaya**
- ang isang gamot ay inalis mula sa pamilihan.

Makakakita kayo ng higit pang impormasyon sa mga tanong B3 at B6 sa ibaba tungkol sa kung anong mangyayari kapag nagbago ang *Listahan ng Gamot*.

- Puwede ninyong tingnan kahit kailan ang pinakabagong *Listahan ng Gamot* ng aming plano online sa www.wellcare.com/healthnetCA. Buwan-buwang pino-post sa website ang mga update sa *Listahan ng Gamot*.
- Puwede rin kayong tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero sa footer ng dokumentong ito para tingnan ang kasalukuyang *Listahan ng Gamot*.

B3. Ano ang mangyayari kung magkakaroon ng pagbabago sa *Listahan ng Gamot*?

Mangyayari **kaagad** ang ilang pagbabago sa *Listahan ng Gamot*. Halimbawa:

- **Mga pagpapalit ng ilang partikular na bagong bersyon ng mga gamot.** Puwede naming alisin kaagad ang mga gamot sa *Listahan ng Gamot* kung papalitan namin ang mga ito ng ilang partikular na bagong bersyon ng gamot na iyon, pero mananatiling \$0 ang gastusin ninyo para sa bagong gamot. Kapag nagdagdag kami ng bagong bersyon ng isang gamot, puwede rin kaming magpasyang panatilihin sa listahan ang branded na gamot o ang orihinal na biological na produkto sa listahan pero baguhin ang mga panuntunan o limitasyon sa pagsaklaw nito.
 - Maaaring hindi namin kayo sabihan bago namin gawin ang pagbabagong ito, ngunit papadalhan namin kayo ng impormasyon tungkol sa ginawa naming partikular na pagbabago kapag nangyari ito.
 - Magagawa lang namin ang mga pagbabagong ito kung ang gamot na idaragdag namin ay:
 - isang bagong generic na bersyon ng branded na gamot, o
 - isang partikular na bagong biosimilar na bersyon ng mga orihinal na biological na produkto na nasa *Listahan ng Gamot* (halimbawa, pagdaragdag ng interchangeable na biosimilar na puwedeng ipamalit sa isang orihinal na biological na produkto nang walang bagong reseta).
 - Posibleng bago sa inyo ang ilan sa mga uring ito ng gamot. Para sa higit pang impormasyon, sumangguni sa Seksyon B14.
 - Magagawa ninyo o ng inyong provider na humiling ng eksepsiyon mula sa mga pagbabagong ito. Papadalhan namin kayo ng abisong may mga hakbang na maaari ninyong gawin upang humiling ng eksepsiyon. Mangyaring sumangguni sa mga tanong B10-B12 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga eksepsiyon.
- **Inalis ang isang gamot sa pamilihan.** Kung ihahayag ng Food and Drug Administration (FDA) na hindi ligtas o epektibo ang isang gamot na ginagamit ninyo o kung aalisin ng manufacturer ng gamot sa merkado ang isang gamot, aalisin namin ito sa *Listahan ng Gamot*. Kung ginagamit ninyo ang gamot, papadalhan namin kayo ng abiso pagkatapos naming gawin ang pagbabago. Mangyaring makipag-usap sa inyong tagapagreseta para matulungan kayong makapagpasya kung mayroong katulad na gamot sa *Listahan ng Gamot* na puwedeng ipalit sa ginagamit ninyo.

Ipinagpapatuloy ang seksyong ito sa susunod na pahina.



Maaari kaming gumawa ng iba pang pagbabagong makakaapekto sa mga gamot na iniinom ninyo.

Sasabihan namin kayo nang maaga tungkol sa iba pang pagbabagong ito sa *Listahan ng Gamot*. Maaaring maganap ang mga pagbabagong ito kung:

- Magbigay ang FDA ng bagong paggabay o magkaroon ng mga bagong klinikal na alituntunin tungkol sa isang gamot.
- Mag-aalis kami ng branded na gamot sa *Listahan ng Gamot* kapag nagdaragdag ng generic na gamot na hindi bago sa merkado, **o**
- mag-aalis kami ng orihinal na biological na produkto kapag nagdaragdag ng biosimilar, **o**
- babaguhin ang mga panuntunan o limitasyon sa pagsaklaw para sa branded na gamot.

Kapag nangyari ang mga pagbabagong ito, gagawin namin ang sumusunod:

- aabisuhan namin kayo 30 araw o mas maaga pa bago namin gawin ang pagbabago sa *Listahan ng Gamot* **o**
- ipapapalam namin sa inyo at bibigyan kayo ng 30 araw na supply ng gamot pagkatapos ninyong humiling ng refill.

Sa pamamagitan nito, magkakaroon kayo ng panahong makipag-usap sa inyong doktor o iba pang tagapagreseta. Matutulungan nila kayong magpasya:

- kung may katulad na gamot sa *Listahan ng Gamot* na puwede ninyong gamitin sa halip na ang kasalukuyan ninyong ginagamit **o**
- kung dapat kayong humiling ng eksepsiyon sa mga pagbabagong ito. Para matuto pa tungkol sa mga eksepsiyon, sumangguni sa tanong B10-B12.

B4. Mayroon bang anumang mga paghihigpit o limitasyon sa saklaw sa gamot, o anumang kinakailangang pagkilos na dapat gawin upang makakuha ng ilang partikular na gamot?

Oo, may ilang gamot na may mga panuntunan sa pagsaklaw o di kaya'y limitasyon sa dami ng maaari ninyong makuha. Kung minsan, may kailangan muna kayong gawin o ang inyong doktor o iba pang tagapagreseta bago ninyo makuha ang gamot. Halimbawa:

- **Paunang awtorisasyon:** Para sa ilang mga gamot, kayo, ang inyong doktor, o iba pang tagapagreseta ay dapat kumuha ng awtorisasyon mula sa aming plano bago ninyo kunin ang inyong reseta. Ang paunang awtorisasyon ay iba sa referral. Posibleng hindi saklawin ng aming plano ang kung hindi muna kayo kukuha ng paunang awtorisasyon.
- **Mga limitasyon sa dami:** Kung minsan, nililimitahan ng aing plano ang dami ng gamot na puwede ninyong makuha.
- **Step therapy:** Kung minsan, inaatas ng aming plano na sumailalim kayo sa step therapy. Ibig sabihin nito, kakailanganin ninyong sumubok ng mga gamot sa isang partikular na pagkakasunod-sunod para sa inyong medikal na kundisyon. Posibleng kailanganin ninyong sumubok muna ng isang gamot bago namin saklawin ang isa pang gamot. Kung sa palagay ng inyong tagapagreseta ay hindi gumagana sa inyo ang unang gamot, saka namin sasaklawin ang pangalawa.

Makikita ninyo kung mayroon pang anumang karagdagang kinakailangan o limitasyon ang inyong gamot sa pamamagitan ng pagtingin sa mga talahanayan na nagsisimula sa seksyon C1. Maaari rin kayong makakuha ng higit pang impormasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa www.wellcare.com/healthnetCA. Nag-post kami ng mga online na dokumentong nagpapaliwanag sa aming mga paghihigpit na paunang awtorisasyon at step therapy. Maaari din ninyong hilingin sa amin na magpadala sa inyo ng kopya.

Maaari kayong humiling ng eksepsiyon sa mga limitasyong ito. Sa pamamagitan nito, magkakaroon kayo ng panahong makipag-usap sa inyong doktor o iba pang tagapagreseta. Matutulungan nila kayong magpasya kung mayroong katulad na gamot sa *Listahan ng Gamot* na puwede ninyong ipalit sa ginagamit ninyo o kung hihiling kayo ng eksepsiyon. Sumangguni sa mga tanong B10-B12 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga eksepsiyon.

B5. Paano ko malalaman kung may mga limitasyon ang gamot na gusto ko o kung may mga kinakailangang pagkilos na dapat gawin upang makuha ang gamot?

Ang talahanayan sa Listahan ng mga Gamot ayon sa medikal na kundisyon ay may column na may label na “Mga kinakailangang pagkilos, paghihigpit, o limitasyon sa paggamit.”



07/01/2025

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

B6. Ano ang mangyayari kung magbago ang mga panuntunan ng aming plano sa kung paano nila sinasaklaw ang ilang gamot (halimbawa, paunang awtorisasyon, mga limitasyon sa dami, at/o mga paghihigpit sa step therapy)?

Sa ilang sitwasyon, sasabihan namin kayo nang maaga kung magdadagdag kami ng o babaguhin namin ang paunang awtorisasyon, mga limitasyon sa dami, at/o mga paghihigpit sa step therapy ng isang gamot. Sumangguni sa tanong B3 para sa higit pang impormasyon tungkol sa maagang abisong ito at mga sitwasyon kung saan posibleng hindi namin kayo masabihan nang maaga kapag nagbago ang aming mga panuntunan tungkol sa mga gamot sa *Listahan ng Gamot*.

B7. Paano ako hahanap ng gamot sa Listahan ng Gamot?

May dalawang paraan para maghanap ng gamot:

- puwede kayong maghanap ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabeto, **o**
- puwede kayong maghanap ayon sa medikal na kundisyon.

Para maghanap **ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabeto**, hanapin ang gamot ninyo sa seksyong Index ng Mga Saklaw na Gamot. Mahahanap ninyo ito kung alam ninyo ang pagbabaybay ng gamot. Ang Index ng Mga Saklaw na Gamot ay isang listahan ng lahat ng mga gamot na kasama sa *Listahan ng Gamot* ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabeto. Nakalista sa index ang parehong mga branded na gamot at generic na gamot. Hindi ililista ang mga OTC na gamot na saklaw sa ilalim ng Medi-Cal Rx sa *Listahan ng Gamot*.

Para maghanap **ayon sa medikal na kundisyon**, hanapin ang seksyon C1 na may label na “Listahan ng mga Gamot ayon sa Medikal na Kundisyon.” Ang mga gamot sa seksyong ito ay nakagrupa sa mga kategorya depende sa uri ng mga medikal na kundisyong ginagamot ng mga ito. Halimbawa, kung mayroon kayong kundisyon sa puso, dapat kayong tumingin sa kategoryang CARDIOVASCULAR, HYPERTENSION / LIPIDS. Doon kayo makakahanap ng mga gamot na ginagamit para sa mga kundisyon sa puso.

B8. Paano kung wala sa Listahan ng Gamot ang gamot na gusto kong gamitin?

Kung hindi ninyo mahanap ang inyong gamot sa *Listahan ng Gamot*, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero sa footer ng dokumentong ito at magtanong tungkol dito. Kung mapag-aalaman ninyong hindi sasaklawin ng aming plano ang gamot, puwede ninyong gawin ang isa sa mga sumusunod:

- Humingi ng listahan ng mga gamot na katulad ng gusto ninyong gamitin mula sa Mga Serbisyo para sa Miyembro. Pagkatapos ay ipakita ang listahan sa inyong doktor o iba pang tagapagreseta. Puwede silang magreseta ng gamot sa *Listahan ng Gamot* na katulad ng gusto ninyong gamitin. **O**
- Puwede ninyong hilingin sa aming plano na magsagawa ng eksepsiyon at saklawin ang inyong gamot. Sumangguni sa mga tanong B10–B12 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga eksepsiyon.

B9. Paano kung isa akong bagong miyembro ng plano at hindi ko mahanap ang aking gamot sa *Listahan ng Gamot* o nagkakaproblema ako sa pagkuha ng aking gamot?

Makakatulong kami. Maaari naming saklawin ang isang pang-30 araw na pansamantalang supply ng inyong gamot sa loob ng unang 90 araw na kayo ay miyembro ng aming plano. Sa pamamagitan nito, magkakaroon kayo ng panahong makipag-usap sa inyong doktor o iba pang tagapagreseta. Matutulungan nila kayong magpasya kung mayroong katulad na gamot sa *Listahan ng Gamot* na puwede ninyong ipalit sa ginagamit ninyo o kung hihiling kayo ng eksepsiyon.

Kung para lang sa ilang araw ang inyong reseta, papayagan namin ang ilang beses na pag-refill para makapagbigay ng hanggang pang-30 araw na gamot.

Sasaklawin namin ang isang pang-30 araw na supply ng inyong gamot kung:

- gumagamit kayo ng gamot na wala sa aming *Listahan ng Gamot*, ○
- hindi kayo pinapayagan ng mga panuntunan ng aming plano na makuha ang dami na iniutos ng inyong tagapagreseta, ○
- kinakailangan ng gamot ng paunang awtorisasyon ayon sa aming plano, ○
- gumagamit kayo ng gamot na bahagi ng isang paghihigpit sa step therapy.

Kung gumagamit kayo ng gamot na hindi itinuturing ng Wellcare CalViva Health Dual Align (HMO D-SNP) at Wellcare Dual Align (HMO D-SNP) na kasama sa Bahagi D na gamot, at wala ang gamot sa *Listahan ng Gamot*, at nagkakaproblema kayo sa pagkuha ng gamot, posible itong masaklaw sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Kung nangangailangan ng eksepsiyon ang isang gamot na hindi kasama sa Bahagi D, ay nakaranas kayo ng emergency, papayagan ng Medi-Cal Rx ang hindi bababa sa 72 oras na supply ng gamot. Mangyaring bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx (www.medi-calrx.dhcs.ca.gov) para sa karagdagang impormasyon. Maaari rin kayong tumawag sa Medi-Cal Rx Customer Service Center sa 800-977-2273. Dalhin ang inyong Medi-Cal BIC kapag kumukuha ng mga reseta sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Kung kayo ay nasa isang nursing home o iba pang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga at kailangan ninyo ng gamot na wala sa *Listahan ng Gamot* o kung hindi ninyo makuha kaagad ang gamot na kailangan ninyo, makakatulong kami. Kung miyembro na kayo ng plano sa loob ng mahigit 90 araw, nakatira kayo sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga, at kailangan ninyo kaagad ng supply:

- Sasaklawin namin ang isang pang-31 araw na supply ng gamot na kailangan ninyo (maliban na lang kung pang-ilang araw lang ang inyong reseta), bagong miyembro man kayo ng plano o hindi.
- Bukod pa ito sa pansamantalang supply sa unang 90 araw na naging miyembro kayo ng aming plano.

Kung magbabago ang inyong antas ng pangangalaga (gaya ng paglipat sa o mula sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga o ospital), sasaklawin namin ang isang pansamantalang 30 araw na supply. Kung para sa mas kaunting araw ang ibinigay sa inyong reseta, papahintulutan namin ang mga refill para magbigay ng hanggang sa kabuuang 30 araw na supply.



Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

B10. Maaari ba akong humiling ng eksepsiyon para saklawin ang aking gamot?

Oo. Puwede ninyong hilingin sa aming plano na gumawa ng eksepsiyon para saklawin ang isang gamot na wala sa *Listahan ng Gamot*.

Maaari rin ninyong hilingin sa amin na baguhin ang mga panuntunan sa inyong gamot.

- Halimbawa, posibleng limitahan ng aming plano ang dami ng gamot na sasaklawin namin. Kung may limitasyon ang inyong gamot, maaari ninyong hilingin sa amin na baguhin ang limitasyon at sumaklaw ng mas marami.
- Iba pang halimbawa: Puwede ninyong hilingin sa amin na alisin ang mga paghihigpit sa step therapy o ang mga kinakailangan para sa paunang awtorisasyon.

B11. Paano ako makakahiling ng eksepsiyon?

Para humiling ng eksepsiyon, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro. Makikipagtulungan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa inyo at sa inyong tagapagreseta para matulungan kayong humiling ng eksepsiyon. Puwede rin ninyong basahin ang **Kabanata 9** seksyon G ng *Handbook ng Miyembro* para matuto pa tungkol sa mga eksepsiyon.

B12. Gaano katagal ang inaabot bago makakuha ng eksepsiyon?

Pagkatapos naming makakuha ng pahayag mula sa inyong tagapagreseta na sumusuporta sa inyong kahilingan para sa isang eksepsiyon, bibigyan namin kayo ng pasya sa loob ng 72 oras. Kayo, ang inyong kinatawan, o ang inyong tagapagreseta ay puwedeng tumawag, sumulat, o mag-fax sa amin para ipagbigay-alam ang inyong kahilingan. Maaari din ninyong alamin sa aming website ang proseso ng desisyon sa pagsaklaw. Para sa mga detalye, pumunta sa Kabanata 2, Seksyon A ng *Handbook ng Miyembro* at hanapin ang seksyong tinatawag na “Mga Serbisyo para sa Miyembro.”

Kung sa tingin ninyo o ng inyong tagapagreseta ay posibleng makasama sa inyong kalusugan kung maghihintay pa ng 72 oras para sa isang pasya, puwede kayong humiling ng pinabilis na eksepsiyon. Isa itong mas mabilis na pagpapasya. Kung susuportahan ng inyong tagapagreseta ang inyong kahilingan, bibigyan namin kayo ng pasya sa loob ng 24 na oras pagkatapos naming makuha ang pansuportang pahayag ng inyong tagapagreseta.

B13. Ano ang mga generic na gamot?

Ang mga generic na gamot ay gawa sa parehong mga aktibong sangkap na ginagamit sa mga branded na gamot. Karaniwang mas mababa ang presyo ng mga ito kaysa sa branded na gamot at karaniwang pareho lang ang bisa. Karaniwang hindi kilala ang mga pangalan ng mga ito. Ang mga generic na gamot ay aprubado ng Food and Drug Administration (FDA). May mga generic na gamot na available para sa karamihan sa mga branded na gamot. Kadalasan, puwedeng ipalit ang mga generic na gamot sa mga branded na gamot sa parmasya nang walang bagong reseta, depende sa mga batas ng estado.

Sinasaklaw ng aming plano ang parehong mga branded na gamot at generic na gamot.

B14. Ano ang mga orihinal na biological na produkto at paano ito nauugnay sa mga biosimilar?

Kapag tinutukoy namin ang mga gamot, ito ay posibleng isang gamot o isang biological na produkto. Ang mga biological na produkto ay mga gamot na mas kumplikado kaysa sa mga karaniwang gamot. Dahil mas kumplikado ang mga biological na produkto kaysa sa mga tipikal na gamot, sa halip na magkaroon ng generic na anyo, mayroon silang mga anyong tinatawag na mga biosimilar. Sa pangkalahatan, magkasimbisa ang mga biosimilar at orihinal na biological na produkto, at posibleng mas mura ang mga ito. May mga biosimilar na alternatibo para sa ilang orihinal na biological na produkto. May ilang biosimilar na mapapagpalit-palit na biosimilar at, depende sa mga batas ng estado, puwede nitong palitan ang orihinal na biological na produkto sa parmasya nang hindi nanghihingi ng panibagong reseta, gaya na lang ng puwedeng ipalit ang mga generic na gamot para sa mga branded na gamot.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga uri ng gamot, sumangguni sa **Kabanata 5** ng inyong *Handbook ng Miyembro*.

B15. Ano ang mga OTC na gamot?

Ang OTC ay tumutukoy sa “over-the-counter o nabibili nang walang reseta.” Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ang ilan sa mga OTC na gamot kapag isinulat ng inyong tagapagbigay ng serbisyo ang mga ito bilang mga reseta.

Puwede ninyong basahin ang *Listahan ng Gamot* ng Medi-Cal Rx para makita kung aling mga OTC na gamot ang sinasaklaw.

B16. Sinasaklaw ba ng aming plano ang mga hindi gamot na OTC na produkto?

Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ang ilan sa mga OTC na produkto na hindi gamot kapag isinulat ng inyong tagapagbigay ng serbisyo ang mga ito bilang mga reseta.

Kasama sa mga halimbawa ng mga hindi gamot na OTC na produkto ang mga may alcohol na pamunas at gasa.

Puwede ninyong basahin ang *Listahan ng Gamot* ng Medi-Cal Rx para makita kung aling mga OTC na produkto na hindi gamot ang sinasaklaw.



07/01/2025

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare Dual Align sa 1-800-431-9007 o sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Wellcare CalViva Health Dual Align sa 1-833-236-2366, TTY 711, mula Oktubre 1 hanggang Marso 31, may mga kinatawan Lunes-Linggo, 8 a.m. hanggang 8 p.m., mula Abril 1 hanggang Setyembre 30, may mga kinatawan Lunes-Biyernes, 8 a.m. hanggang 8 p.m. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon,** bisitahin ang www.wellcare.com/healthnetCA.

B17. Sinasaklaw ba ng aming plano ang mga pangmatagalang supply ng mga reseta?

- **Mga Mail-Order na Programa.** Nag-aalok kami ng isang mail-order na programa na nagpapahintulot sa inyo na makakuha ng hanggang 100 araw na supply ng inyong mga inireresetang gamot na direktang ipinadala sa inyong tahanan. Ang 100 araw na supply ay mayroong parehong copay katulad ng sa isang buwan na supply.
- **Mga 100 Araw na Programa sa Retail na Parmasya.** Puwede ring nag-aalok ang ilang retail na parmasya ng hanggang pang-100 araw na supply ng mga saklaw na inireresetang gamot. Ang 100 araw na supply ay mayroong parehong copay katulad ng sa isang buwan na supply.

B18. Puwede ba akong magpa-deliver ng mga reseta sa bahay ko mula sa aking lokal na parmasya?

Posibleng mai-deliver ng inyong lokal na parmasya ang inyong reseta sa bahay ninyo. Puwede kayong tumawag sa inyong parmasya para malaman kung nag-aalok sila ng delivery sa bahay.

B19. Ano ang aking copay?

Walang copay ang mga miyembro ng aming plano para sa mga inirereseta at OTC na gamot at mga hindi gamot na produkto kung sinusunod ng miyembro ang mga panuntunan ng plano. Sumangguni sa mga tanong B15 at B16 para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga OTC na gamot at hindi gamot na produkto.

Mga grupo ng mga gamot sa aming *Listahan ng Gamot*.

- Kasama sa Tier 1 (Single Tier) ang lahat ng generic at branded na gamot. Walang copay ang tier na ito.

\$0 ang copay ng mga OTC.

Kung mayroon kayong mga tanong, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa mga numero sa footer ng dokumentong ito.

C. Pangkalahatang-ideya ng *Listahan ng mga Saklaw na Gamot*

Binibigyan kayo ng *Listahan ng mga Saklaw na Gamot* ng impormasyon tungkol sa mga gamot na sinasaklaw ng aming plano. Kung nagkakaproblema kayo sa paghahanap ng inyong gamot sa listahan, pumunta sa Index ng mga Saklaw na Gamot na nagsisimula sa seksyon D. Nakalista sa index ang lahat ng gamot na sinasaklaw ng aming plano ayon sa pagkakasunod-sunod ng alpabeto.

- Ang **NM** ay nangangahulugang hindi available ang gamot sa pamamagitan ng inyong buwanang benepisyo sa serbisyo sa koreo. Nakatala ito sa column na Mga kinakailangang pagkilos, paghihigpit, o limitasyon sa paggamit ng inyong pormularyo.
- Ang **PA** ay tumutukoy sa Paunang Awtorisasyon. Sumangguni sa tanong B4.
- Ang **PA-NS** ay tumutukoy sa Paunang Awtorisasyon para sa mga Kakasimula Pa Lang. Ibig sabihin nito, kung bago lang ang gamot na ito sa inyo, kakailanganin muna ninyong humingi ng pag-apruba mula sa amin bago ninyo mapunan ang inyong reseta. Kung ginagamit ninyo ang gamot na ito sa panahon ng pagpapatala, hindi ninyo kakailanganing matugunan ang mga pamantayan para sa pag-apruba.
- Ang **B/D** ay tumutukoy sa Sinasaklaw sa ilalim ng Medicare B o D. Ang gamot na ito ay posibleng kwalipikado para sa pagbabayad sa ilalim ng Medicare Part B o Part D. Inaatasan kayo (o ang inyong doktor) na humiling ng paunang awtorisasyon mula sa amin para matukoy na sinasaklaw ang gamot na ito sa ilalim ng Medicare Part D bago ninyo kunin ang inyong reseta para sa gamot na ito. Kung walang paunang pag-apruba, maaaring hindi namin saklawin ang gamot na ito.
- Ang **QL** ay tumutukoy sa Mga Limitasyon sa Dami. Sumangguni sa tanong B4.
